**KALATAS**

*Opisyal na Pahayagan ng Rebolusyonaryong Mamamayan ng Timog Katagalugan*

*TOMO 44 BILANG 8* *BASAHIN AT TALAKAYIN* *AGOSTO 2024*

*EDITORYAL*

# Sagipin ang bayan mula sa delubyong dala ng imperyalismo at ni Marcos Jr.

Noong huling linggo ng Hulyo hanggang Agosto, pinagdusahan ng mamamayan ang matinding pagbaha, pagguho ng lupa at walang tigil na pag-ulan na dala ng mga bagyong Butchoy at Carina at ng habagat. Ipinailalim sa *state of calamity* ang NCR, Bataan, Bulacan, Cavite, Batangas, at Oriental Mindoro. Sa katapusan ng Agosto sinegundahan pa ito ng bagyong Enteng. Muli, daang libong pamilya ang apektado habang wasak ang daan-daang milyon hanggang bilyong halaga ng tanim at ari-arian.

Papatong ang sakuna sa dati nang daing ng taumbayan na napakataas na presyo ng mga bilihin, kakulangan o kawalan ng hanapbuhay at laganap na inhustisya. Isinadlak ang masang Pilipino sa kaaba-abang kalagayan ng kainutilan, kriminal na kapabayaan at lantarang pagpapakatuta sa US ng bulok na estado ni Marcos Jr. Sa likod ng mga pakitang-taong hakbang at tugon sa sakuna, umaalingasaw ang matinding epekto sa kapaligiran ng mapandambong na operasyon ng mga mapaminsalang negosyo at ang kapalpakan ng estado sa panahon ng emerhensya. Ang mabilis na pagtaas ng baha at matagal na paghupa nito sa mga lungsod at bayan ang patunay na walang silbi ang mga pampublikong imprastraktura na ipinagmalaki pa sa nakaraang SONA ni Marcos Jr.

Lumutang sa gitna ng unos ang kabulukan ng malapyudal at malakolonyal na estado. Nilamon ng baha ang malalaking kalsada at pininsala ang mga bahay, gusali at opisina. Pinerwisyo nito ang mga manggagawa, estudyante, maliliit na negosyante at maging mga propesyunal na walang ibang nais kundi kumayod para sa kanilang pamilya. Walang kita ang mga nag-aarawan at nakaasa sa pagtitinda at iba pang impormal na trabaho.

Naobligang lumikas ang mahihirap na nakatira sa mahihinang klase ng bahay at mapapanganib na lugar, ngunit pinagdusahan din nila



KALATAS

Agosto 2024
TOMO 44 BILANG 8

NILALAMAN

1 Sagipin ang bayan mula sa delubyong dala ng imperyalismo at ni Marcos Jr.

3 Ayon kay Ka Joma

4 Ang mukha ng RCSP sa komunidad ng Mangyan

6 Ang pangingibabaw ng imperyalismong US sa kultura at ugnayang panlabas ng Pilipinas

8 Bakit dapat ilantad at labanan ang ipinapakalat na sinophobia ng rehimeng US-Marcos II?

11 Pasismo laban sa mamamayang lumalaban, nagpapatuloy sa TK

12 10 progresibong lider-masa, tatakbo sa Senado sa 2025

12 Ramon Ang at ang gubyernong Marcos II, papanagutin sa oil spill

13 Libu-libong manggagawa at magsasaka, nagprotesta

14 Kultura: Liham

*Ang KALATAS ang opisyal na pahayagan ng rebolusyonaryong mamamayan ng Timog Katagalugan. Pinapatnubayan ito ng Marxismo-Leninismo-Maoismo. Inilalathala ito ng Partido Komunista ng Pilipinas (MLM) at ng Bagong Hukbong Bayan ng Timog Katagalugan.*

*Inaanyayahan ng pamatnugutan ang mga mambabasa na mag-ambag sa pagpapahusay ng ating pahayagan. Magpadala ng mga komentaryo at mungkahi, balita at rebolusyonaryong karanasan na maaaring ilathala sa ating pahayagan. Tumatanggap ito ng mga liham sa:*

dagundong.tk@gmail.com

archive.org/details/@southern_tagalog_revolutionary_portal

tumblr.com/strevportal

@comkathryn.bsky.social

ang kakulangan sa sapat na akomodasyon sa mga *evacuation center* at kabagalan sa paghahatid ng relip ng pamahalaan. Sa Rizal, may kasong nagutom ang mga bakwit dahil hindi kaagad inilabas ng LGU ang pondo para sa ayudang pagkain. Apektado rin ang mga klase dahil aabot sa 90 eskwelahan ang nasira sa buong bansa habang higit 300 ang ginamit na *evacuation center*.

Ang hindi maayos na pag-aabiso at paghahanda sa mamamayan sa paparating na sakuna, palyadong mga imprastraktura at kawalan ng plano sa pag-angkop sa mga *geological hazards* na malapit sa mga lugar panirahan ang mga sanhi ng mga di-kinakailangang pagkawala ng buhay. Iniulat sa CALABARZON ang pinakamaraming kaso ng pagkamatay dahil sa pagkalunod, pagkakuryente, nabagsakan ng puno at pagguho ng lupa. Kabilang sa mga nabiktima ang isang buntis at ilang bata.

Matinding tinamaan ang masang anakpawis, lalo ang mga magsasaka na hindi pa nga nakakabangon mula sa El Niño. Sa pambansang antas, tinatayang nagdulot ang Carina ng ₱1.3 bilyong pinsala sa agrikultura kung saan 90% ang sa palay, kasunod ang mais na may 5%. Pareho itong pangunahing butil ng mga Pilipino kaya't apektado ang suplay ng pagkain.

Nagbabadya ang ibayong kagutuman at pagkabaon sa utang ng mga maralita sa kanayunan. Nakikinita ng mga magsasaka ang malaking kabawasan sa kanilang ani. Bukod sa direktang pinsala ng kalamidad, sumulpot din ang mga peste matapos ang matinding tagtuyot at walang tigil na ulan. Ang penomenong ito ay epekto ng matagalang paggamit ng mga sintetikong input sa pagsasaka. Ang masama, apektado rin kahit ang mga hindi gumagamit ng mga kemikal dahil kumakalat ang mga peste sa pamamagitan ng hangin, tubig at lupa.

Para sa mga maralitang magsasaka na pinaka-nangangailangan sa lahat, walang aasahan sa reaksyunaryong gubyerno. Marami sa kanila ay ni hindi makukunsiderang bigyan ng tulong dahil hindi nakarehistro sa Department of Agriculture. Ang perang inilalako ng kagawaran ay pautang, hindi direktang *cash assistance*.

May hatid ding delubyo sa kabuhayan ng mangingisda ang mga bagyo. Noong Hulyo 25, lumubog ang *oil tanker* na MT Terranova na may kargang 1.4 milyong litrong langis sa Bataan. Kumalat ang langis sa buong Manila Bay hanggang Cavite. Ang sakuna sa karagatan ay resulta ng wala sa panahong paglalayag ng *oil tanker* at kabiguan ng gubyernong bantayan ang mga barko sa laot. Dulot nito, libu-libong mamamalakaya ang hindi makapaghanapbuhay.

Masakit sa tenga ng nagdurusang mamamayan ang kontra-mahihirap na "paliwanag" ng rehimeng US-Marcos II kung bakit nagaganap ang mga sakuna. Pinagbuntunan nito ng sisi ang mga diumanong walang disiplinang mamamayan na pinagmumulan ng basurang bara sa mga lagusan ng tubig. Bumaling din ito sa di-siyentipikong pagtingin na likas ang *climate change* at mga epekto nito kaya't walang maaaring sisihin sa lumalaganap na pandaigdigang ligalig bunsod ng mga biglaan at drastikong pagbabago sa klima. Ito'y purong kalokohan at pagtatakip sa katotohanang ang anarkistang produksyon sa ilalim ng kapitalismo ang nag-udyok sa mabilis na pag-init ng daigdig at pagkasira ng balanse ng kalikasan.

Pinangungunahan ng mga imperyalistang bansa lalo ng US ang pagbubuga ng hanging nagpapainit sa mundo at ang pangwawasak sa ekosistema sa ngalan ng pagsusustine sa pandaigdigang *supply chain* ng produksyon at tuluy-tuloy na pagkamal ng tubo. Kinukuha

nila ang mga hilaw na materyales tulad ng *rare earth metals* mula sa di-industriyalisado ngunit sagana sa likas na yaman na mga bansang tulad ng Pilipinas. Nakatala sa kasaysayan ng Pilipinas ang pagkalbo ng diktadurang US-Marcos sa 8 milyong ektaryang kagubatan sa ilalim ng 26 taong paghahari nito. Naiiwan sa mga kawawang bansa ang pagkagunaw at polusyong kaakibat ng mga operasyon ng pagmimina, paglikha ng enerhiya at iba pang malalaking proyekto ng mga kapitalista. Ang pinsala sa kalikasan ng industriya kakumbina ng mga epekto ng *climate change* ang lumilikha ng mga nakamamatay na kalamidad na nagpapalubha sa kalagayan ng mahihirap.

Sa pagtama ng kalamidad, higit na nalantad ang pagiging atrasado at agraryan ng bansa at ang inaanay na imprastrakturang sosyal dito. Naiiwang nakadapa ang kabuhayan ng mamamayan matapos ang mga bagyo, tagtuyot at iba pang sakuna, at napakatagal, kung kakayanin man, bago makabangon mula sa trahedya. Lagi namang huli at kapos ang tugon sa sakuna dahil di-handa ang gubyerno. Tinitipid nito ang pondo para sa mga serbisyong sosyal at paghahanda sa sakuna. Inuubos sa burukratikong korapsyon, bayad utang at militarisasyon ang pondo na dapat sanang nakalaan sa pagtataas sa kakayanan ng mamamayan na harapin ang mga kalamidad.

Kasabay ng delubyo, umagos sa buong bayan ang matinding diskuntento at daing para sa tunay na pagbabagong panlipunan. Inulan ng batikos ang gubyerno sa kainutilan nitong solusyonan ang pagbaha, na nagtulak sa mga progresibong kongresista na paimbestigahan kung saan napunta ang daan-daang bilyong pisong pondo sa mga proyektong *flood control*. Kumilos ang mga magsasaka at mangingisda upang igiit ang danyos-perwisyo at ayuda.

Kabaliktaran ng kainutilan at oportunismo ng mga pulitiko, pinakamaaasahang paraan ng pagsagip sa bayan ang kolektibo at organisadong pagkilos ng mamamayan. Kapuri-puri ang mabilis na pagtugon ng mga organisasyong masa, makataong grupo, mga progresibong samahan at pati mga personahe upang magbigay-kalinga sa kanilang kababayan. Sa mga lugar na impluwensyado ng Pulang kapangyarihan, tampok ang tulungan ng mamamayan upang isalba ang sarili at tugunan ang pangangailangan sa pagkain, tubig at ligtas na silungan.

Ngunit hindi natatapos ang pagsagip sa bayan sa pamimigay ng relip at paglilinis sa mga basurang iniwan ng baha. Kailangan ding ipakita ang diwa ng bayanihan sa paghingi ng katarungan para sa walang habas na pangwawasak ng imperyalismo sa kapaligiran at kriminal na kapabayaan ng papet na rehimeng US-Marcos II. Dapat patuloy na igiit ang sapat na pondo at maayos na plano para sa rehabilitasyon at pagtugon sa mga kalamidad. Singilin ang gubyerno at mga salaring korporasyon ng danyos para sa kanilang mapaminsalang negosyo at konstruksyon na naglagay sa mamamayan sa panganib at nagpalubha sa bulnerabilidad ng mga komunidad sa mga sakuna sa klima.

Ang ultimong solusyon upang sagipin ang bayan mula sa lusak ng malakolonyal at malapyudal na sistema ay ang bagong tipo ng pambansa demokratikong rebolusyon na isinusulong sa bansa sa loob ng higit limang dekada. Layon ng rebolusyon na ibagsak ang imperyalismong US, pyudalismo at burukrata kapitalismo na naghahari-harian sa lipunang Pilipino. Kapalit ng bulok na estado, ititindig at patatatagin ang isang demokratikong estadong bayan na magtitiyak sa tunay na kaunlaran habang isinasaalang-alang ang isang malusog na kapaligiran. Kailangang ipaunawa hanggang yakapin ng masang Pilipino ang adhikaing ito upang ibunsod ang signipikanteng paglawak at paglakas ng rebolusyonaryong hanay—hanggang likhain ang daluyong ng paglaban na maghuhudyat sa pagdatal ng bago't maaliwalas na bukas.




"Ang Agosto 21 ay ang araw kung kailan inaalaala natin ang barbariko at nakamamatay na akto ng mga pasista. Nagbabangon ang malawak na masang Pilipino para kundenahin ang madudugong krimeng ito, parangalan ang mga biktima at maghanap ng hustisya para sa kanilang lahat. Patuloy na tumataas ang kamulatan at militansya sa hanay ng mamamayan para sa ultimong layuning lansagin ang pasista-diktadurang rehimen ng pangkating US-Marcos, at itayo ang isang bagong demokratikong sistemang malaya mula sa dayuhan at pyudal na dominasyon."

*- Ang kahalagahan ng Agosto 21,*
*Pagkabilanggo at paglaban sa diktadura (1977-1986)*
*Mga piling sulatin ni Jose Ma. Sison*

# Ang mukha ng RCSP sa komunidad ng Mangyan

Ligalig at perwisyo ang dulot ng mga *focused military* at *retooled community support program* (RCSP) *operations* ng 203rd Brigade at PNP-MIMAROPA sa mga katutubong Mangyan sa Mindoro. Sa nagdaang mga taon, pinokusan sila ng estado sa imbing pangarap na supilin ang kanilang pakikibaka sa balangkas ng kontra-rebolusyonaryong kampanya at bigyang daan ang interes ng mga naghaharing uri sa isla. Bukod sa dose-dosenang kampo-militar, daan-daang komunidad ang iligal na kinampuhan ng mga RCSP na karaniwan ay nasa gitna o panabihan ng mga baryo ng mga magsasaka at katutubo mula 2019. Sa kabila nito, nananatiling buo ang loob ng mga Mangyan na ipagtanggol ang lupaing ninuno at karapatan sa pagpapasya-sa-sarili.



Ang katutubong Mangyan ay bumubuo sa 23% ng populasyon ng Mindoro (datos noong 2015). Ipinagtatanggol nila ang kanilang lupaing ninuno mula sa pangangamkam ng mga panginoong maylupa, malalaking burgesya kumprador at dayuhang korporasyon kasabwat ang mga lokal at pambansang burukrata. Tampok sa mga proyektong iniraratsada sa kanilang lupain ang mga operasyon ng *quarry* sa Oriental Mindoro; pananalasa at ispekulasyon ng mina sa Bongabong, Roxas, Mansalay at Bulalacao, Oriental Mindoro at San Jose, Calintaan at Rizal sa Occidental Mindoro; at ang Tamaraw Reservation Expansion Project na sasaklaw sa mahigit 100,000 ektaryang lupang ninuno sa Occidental Mindoro.

Gamit ang 203rd Brigade at PNP-MIMAROPA, inihahasik ng estado ang takot at teror sa komunidad ng mga Mangyan kung saan may mga iniraratsadang huwad na proyektong pangkaunlaran. Naitala ang pagkakampo sa balangkas ng RCSP ng 203rd Brigade ngayong taon sa mga Brgy. Panaytayan, Mansalay; at Brgy. Nasucob, Bulalacao sa Oriental Mindoro, Brgy. Monteclaro sa San Jose at Brgy. Manoot, Rizal sa Occidental Mindoro.

**Perwisyo at ligalig**

Dati nagbabalatkayo pa ang RCSP ng 203rd Brigade sa paglulunsad ng Brigada Eskwela, paglilinis ng baryo, pagpapaalaga ng mga sisiw, paggawa ng *garden*, CR at *basketball court* at pagpapaliga. Ngayon, kain-tulog-gala na lang ang ginagawa ng mga militar ayon sa mga Mangyan.

Sa proseso ng RCSP, ipinatupad ng militar ang mga paghihigpit sa mga komunidad ng Mangyan kagaya ng pagpataw ng *curfew*, pagbabawal ng maramihang pamimili at interogasyon kapag matagal na nawawala sa baryo ang mga residente kahit kasagsagan ng pagkakaingin, pagtatalok o iba pang hanapbuhay. Perwisyo ito sa masa dahil kapag kaunti ang panahon sa produksyon, mapapabayaan ang mga tanim at dumarami ang damo.

Habang naka-istasyon sa mga komunidad, sapilitang nagrerekluta ang mga militar ng mga katutubo sa ilalim ng *special enlistment program*, pagka-CAFGU at pagiging *asset*. Naiulat din ang pagrerekluta ng mga menor de edad para gawing espiya laban sa kapwa Mangyan at Bagong Hukbong Bayan (BHB). Inuupahan ng mga militar ang masang katutubo sa "sugsog bakas" sa halagang ₱300 kada araw at ₱500 kapag may natuklasang bakas. Sapilitan ding pinasusuko ang mga katutubo bilang mga *fake surrenderee*.

Sapilitang pinaggigiya ang mga Mangyan sa operasyon. Pinakahuli ang sapilitang pagpapasama kay Itaw Agrumyan, lider ng Sityo Lukban, Brgy. Panaytayan matapos ang labanan sa pagitan ng isang yunit ng Lucio de Guzman Command-BHB Mindoro at tropa ng 203rd Brigade noong Hulyo 11. Inaresto ng mga militar si Itaw at nagpataw ng *lockdown* sa Sityo Lukban at mga karatig-sityo sa loob ng isang buwan.

Isa sa pinakamatagal na RCSP ang kampo sa Sityo Mantay, Brgy. Monteclaro na hinimpilan ng mga

berdugo mula 2019. Mistulang *martial law* na ang sityuhan—pinapipirma sa *logbook* ang sinumang papasok at lalabas kabilang ang mga residente. Bawal tumagal sa kaingin. May takdang dami lamang ng pwedeng bilhing bigas. Pinipilit din ang mga Mangyan na bumili at maghakot ng suplay ng militar.

Ang mga kababaihan ay ginawang parausan ng mga sundalo. Modus sa krimen ang mga kunwang pulong sa gabi saka gagahasain ang kababaihan. Aalukin ng pera ang babaeng biktima at kanyang pamilya para manahimik. Tampok ang kaso ni "Fia" (di totoong pangalan) na ilang ulit nang pinagsamantalahan at hindi makapagreklamo ang pamilya dahil sa takot sa mga militar.

Sa kasagsagan ng El Niño, inireklamo ng mga Mangyan ang panununog ng 203rd Brigade sa kagubatang bahagi ng Brgy. Monteclaro sa San Jose at Brgy. Manoot sa Rizal sa buktot na katwirang "para wala nang himpilan ang mga NPA". Ayon sa mga katutubo, sagrado sa kanila ang lupang sinunog.

Matindi rin ang epekto ng mga operasyong militar sa mental na kalusugan ng mga Mangyan kung saan tunog pa lamang ng *helicopter* ay natatakot na ang matatanda at bata, laluna kapag nagpaputok at nambomba ito. Marahas ang mga interogasyon kung saan tinututukan ng baril o gulok ang mga biktima. Tampok ang serye ng pambubugbog sa kurso ng mga imbestigasyon sa Brgy. Panaytayan sa hanay ng Mangyan-Hanunuo kagaya ng kaso ni Kitot na hindi na makagulapay at nabungi at ni Pedro Ambad na nabalian ng tadyang matapos ang 12 oras na interogasyon. Sa hanay ng Mangyan-Buhid, anim na ang nagpakamatay dahil sa tindi ng tortyur at saywar sa proseso ng interogasyon mula 2019.

**Pagbangon at paglaban**

Nagdulot ng dudahan at lamat sa kanilang pagkakaisa ang pasismo sa mga komunidad ng Mangyan. Gayunman, sa pagsisikap ng mga rebolusyonaryong pwersa, unti-unting nilalabanan at iwinawaksi ang talab ng saywar ng kaaway.

Puspusang propaganda ang isinagawa ng mga yunit ng BHB upang pawiin ang takot sa mga Mangyan. Buong tapang at tatag na nakikipaggitgitan ang mga yunit ng BHB sa mga lugar na may presensya ng AFP-PNP. Ayon sa mga masa, nabubuhayan sila ng loob kapag nakikita ang BHB. Buong galak nilang sasabihing, "buhagon (sinungaling) ang kaaway" dahil sa kinakalat na mga pekeng balita na "wala nang NPA sa Mindoro" o patay na o suko na ang mga kilalang Hukbo. Bukod sa karahasang dinaranas mula sa militar, nakikita rin ng mga Mangyan ang epekto ng mga mapanirang proyekto sa kanilang lupaing ninuno na siyang dahilan para ipagpatuloy ang laban, pumanig sa rebolusyon at tangkilikin ang BHB.

Nakaluwag sa pagkilos ng rebolusyonaryong pwersa ang isinagawang nyutralisasyon sa masasamang elemento at mga *asset* ng AFP-PNP na wala pang mabigat na krimen sa mamamayan. Ipinagdiwang din ng mga Mangyan ang pamamarusa sa mga sagad-saring ahente ng AFP kagaya ni Pvt. Mayuay Onaw, isang *special enlist* na Mangyan na kilala sa paghahasik ng teror sa mga komunidad, pasimuno ng sapilitang pagpapasuko at *recruiter* ng CAFGU sa kanilang hanay.

Bigo ang mga *focused military operations* at RCSP na kitlin ang paglaban ng masa sa lugar. Sa pagsisikap ng gawaing reaktibasyon, muling naitayo ang samahang masa sa ilalim ng rebolusyonaryong organisasyon ng mga Mangyan (MINDORO), rebolusyonaryong organisasyon ng mga Mangyan, at mga Sangay ng Partido sa Lokalidad. Hindi maalis sa puso, isip at alaala ng masang Mangyan ang mga tagumpay ng rebolusyong agraryo. Hamon sa mga katutubo ang tagubilin ng mga batang kadre na ibalik ang dating sigla at mas pahigpitin pa ang pagkakaisa. Ang pagrerekluta sa mga bagong kasapi ng Partido mula sa bagong henerasyon, batay sa rekomendasyon ng mga nakatatandang kadre sa mga lokalidad ay patunay na nagpapatuloy ang rebolusyon. Tumatagos din ito sa mga bata na sa murang edad ay nauunawaang ang AFP-PNP ang tunay nilang kaaway.

Sa matibay na bigkis ng masa at Pulang hukbo, nakatitiyak ang muling pagbangon at ibayong pagsulong ng rebolusyon. K



KONGKRETONG PAGSUSURI SA KONGKRETONG KALAGAYAN


## *Mula noon hanggang ngayon:*
# Ang pangingibabaw ng imperyalismong US sa kultura at ugnayang panlabas ng Pilipinas

*Huling bahagi ng artikulong "US, pangunahin pa ring salot na imperyalistang kapangyarihan sa Pilipinas"*

Sa kasalukuyang *multipolar* na daigdig kung saan hinahamon ang dominasyon ng US, nananatili pa rin itong pangunahing imperyalistang kapangyarihang nakakubabaw sa daigdig. Katulad ng kontrol sa ekonomiya, pulitika at militar, pangunahing nangingibabaw pa rin ang impluwensya ng US sa kultura at ugnayang panlabas ng Pilipinas. Hangga't nananatiling malakolonyal at malapyudal ang lipunang Pilipino, mamamayani ang anti-nasyunal, anti-siyentipiko at anti-mamamayang kultura, gayundin ang patakarang panlabas na nakapailalim, nakaasa at nakatali sa US.

### Maka-imperyalistang kaisipan at kultura

Kasunod ng pandarahas at brutalidad sa gerang pananakop noong 1899, ginamit ng US ang kultura bilang malambot na paraan para payukurin ang mga Pilipino at supilin ang anumang anyo ng pag-aaklas. Sinimulan ng US ang manipulasyon sa mga Pilipino sa pagpapalaganap ng buktot na islogang "mapagpalang asimilasyon"[1]. Hinayaan nitong manatili ang relihiyong Katoliko habang ipinakilala rin ang Kristiyanong Protestante. Ipinalaganap ng US ang kaisipang malayang negosyo (*free enterprise*) para makuha ang suporta ng mga lokal na naghaharing uri at gamitin ang mga ito sa panlilinlang sa iba pang Pilipino. Sa hulma ng US, ginawang "*little brown Americans*" ang mga Pilipino sa Asia, isang kakatwang panabing sa harap ng garapalang pang-aalipin sa bayan.




Habang sakop ang bansa, dinemonisa ng US ang mga patriyotiko at rebolusyonaryong Pilipino. Itinuring na krimen ang simpleng paglaladlad ng bandilang Pilipino, pagpapahayag ng patriyotismo sa mga nakasulat na artikulo, dula o aksyong masa. Ginamit ng US ang edukasyon upang sistematikong makontrol ang isip ng mamamayan, uuk-ukin ang kulturang Pilipino at gawing bulag na tagasunod sa imperyalismo. Ginawa nitong pangunahing lenggwahe ang Ingles na ipinalit sa Espanyol. Nagtatag ito ng sistema ng pampublikong eskwelahan at nagpalawig hanggang sa sekundaryo at tersyaryong lebel ng edukasyon na may kolonyal na oryentasyon at nakatabas sa sistemang edukasyon ng US, kagaya ng pagtatatag ng University of the Philippines. Ginamit hanggang ma-institusyunalisa ang lenggwaheng Ingles bilang midyum ng instruksyon sa halip na ang Filipino na *mother tongue* ng Pilipinas. Ipinatupad din nito ang sistemang *pensionado* na pagpapadala ng mga iskolar na Pilipino sa US para sanayin na maging mga tutang burukrata at teknokrata. Kalaunan, pinagsilbi ang galing at husay ng mga naturang Pilipino sa pagpapatatag ng paghahari ng US sa bansa.

Hanggang ngayon, ang edukasyon ay patuloy na ginagamit ng US upang ganap na itakwil ng mga kabataang Pilipino ang pambansa at makabayang kultura at lutuin sa kaisipang burgis na pagkamakasarili at magpayaman. Kontrolado ng US ang mga libro at mga kurikulum na nagsalya sa mga asignaturang nagtatalakay sa mayamang kasaysayan ng rebolusyonaryong pakikibaka at kultura ng bayan. Ang ipinatupad na K-12 program at kasalukuyang MATATAG K-10 kurikulum ay binalangkas upang gawing magsanay ng iilang prebilehiyadong kabataang Pilipino para maging bagong mga papet at lokal na ahente ng monopolyo kapitalismo at ihanda ang masa ng kabataang Pilipino para sa mura at maamong lakas-paggawa sa kapakinabangan ng imperyalismo. Katambal nitong patakaran ang pagkakait ng badyet sa edukasyon na nagpapalubha sa *learning poverty* sa Pilipinas.

Kasangkapan din ng US ang mga sine, dyaryo, telebisyon, sining at panitikan at internet sa pagpapalaganap ng kolonyal at imperyalistang kultura kasabay ng


kontrol sa ekonomiya at pulitika. Ikinintal sa isip ng mga Pilipino ang kaisipang "*kapag imported, in ka!*" para sambahin ang mga produktong *imported* pangunahin ay likha ng malalaking korporasyon sa US. Araw-araw na pinauulanan ang mga Pilipino ng mga propagandang reaksyunaryo at maka-US, pati mga dekadenteng ideya sa anyo ng *advertisements* sa masmidya upang epektibong mailako ang mga produktong US. Ipinalaganap nito ang konsumerismong nakatudla sa imperyalistang layong maging bagsakan ang Pilipinas ng mga sarplas na produkto ng US habang lansakang dinadambong ang mga murang hilaw na materyales. Sa ganitong paraan din ginagamit sa kasalukuyan ang masmidya at *internet* para pilit na pabanguhin ang pangalan ng matatapat at pinapaborang tuta ng US kagaya ng mga anak ng diktador na si Ferdinand Marcos Jr.

Sa balangkas ng US *counter-insurgency guide*, nakatudla ang paggamit sa kultura para ilayo ang malawak na mamamayang Pilipino sa rebolusyon sa pamamagitan ng anti-komunistang isterya. Pinatitingkad nila ang huwad na konsepto ng kapayapaan kung saan ang pamantayan nito ay ang kawalan ng makatarungang armadong paglaban at pagpapatanggap na lamang sa marahas na paghahari ng imperyalismo. Hinehele nila ang bayan sa "American Dream" para sa indibidwalistang kaisipan at hungkag na pangako ng kaunlaran sa pamamagitan ng sariling pagsisikap.

Sa kasalukuyan, epektibong ginagamit din ng US ang masmidya at internet para isaksak sa isip ng mga Pilipino ang gerang disimpormasyon at saywar ng US kagaya ng *islamophobia*, *sinophobia* at mga katulad. Imbing pakana rin ito ng imperyalismong US para palahukin ang sambayanang Pilipino sa mga inihahasik na gera sa daigdig.

**Patakarang panlabas sa dikta ng US**

Kailanman, hindi nagawa ng reaksyunaryong gubyerno ng Pilipinas na magpatupad ng independyente at nagsasariling patakarang panlabas dahil ito ay nasa ilalim ng kapangyarihan ng US. Salaminan ng malakolonyal na katayuan ng Pilipinas ang mga tagibang na batas at kasunduang ipinatutupad ng mga nagdaang rehimen na pawang pabor sa US. Katunayan, sa araw ng paggagawad ng huwad na kalayaan ng US sa Pilipinas noong Hulyo 4, 1946, ginawang rekisito ng una sa huli ang pagpirma sa US-RP Treaty of General Relations. Ang kasunduang ito ang nagpwesto sa US sa nangingibabaw na pusisyon sa lahat ng patakarang panlabas na papasukin nito sa US kasabay ng pananatili ng base militar at pagpreserba sa mga ari-arian ng una sa huli.




Sa Bell Trade Act ng 1946, nagpatuloy ang pagkontrol ng US sa panlabas na kalakalan ng Pilipinas. Sa dikta ng US, pumaloob ang Pilipinas sa mga kapulungang internasyunal kagaya ng Asia-Pacific Economic Cooperation at Association of Southeast Asian Nations. Naging kasapi rin ang Pilipinas ng World Trade Organization at pumailalim sa General Agreement on Tariffs and Trade. Nakapailalim din ang bansa sa kontrol ng International Monetary Fund-World Bank na itinayo at kontrol ng US. Sa mga ito dumaloy ang pagpapataw ng US ng imperyalistang mga patakaran kabilang ang neoliberalismo sa mga kolonya at malakolonyang bansang tulad ng Pilipinas na lalong nagpabansot ng ekonomya at nagpalubog sa bansa sa utang. Dahil hawak sa leeg ng US, tuluyan nang napagkaitan ang Pilipinas ng pantay na oportunidad sa pakikipag-ugnayan sa iba pang bansa, lalo sa mga sosyalistang bansa o mga estadong lumalaban sa imperyalismo kagaya ng North Korea, mga progresibong gubyerno sa Latin America at iba pa.

Sa dikta ng US, sinuportahan ng papet na gubyerno ang mga gerang agresyon ng imperyalismong US sa buong mundo kung saan lumahok ang una sa panggegera ng huli sa Vietnam, Cambodia, Korea at Middle East sa nagdaang mga dekada mula 1946. Sinuportahan din ng mga papet na rehimen ang "gera laban sa terorismo" at mga pananalakay ng imperyalismong US; panunupil at panggigipit sa mga tinaguriang "suwail na estado (*rogue states*)", mga bansang anti-imperyalista at nagdedeklarang sosyalista; sa mga *proxy war* na inilunsad nito sa pagitan ng Russia at Ukraine, at ng Israel at Palestine; at sa mga iniuudyok nitong gera sa usapin ng Taiwan at sa West Philippine Sea. Sa ilalim ng rehimeng Marcos Jr., walang hunos-diling sumasali ang AFP sa panganganti ng US sa China, at nagpapagamit bilang tau-tauhan para sa heopulitikal na estratehiya ng US na pagtibayin ang paghahari nito sa rehiyong Indo-Pacific sa harap ng kanyang kalabang China.

**Makabayang pakikibaka ng mga Pilipino sa imperyalismong US**

Sa kabila ng mga imposisyon ng US sa ekonomya, pulitika, militar at manipulasyon sa kultura, umusbong at patuloy na yumayabong ang anti-imperyalistang pakikibaka sa Pilipinas. Sa simula pa lamang, hindi na tinanggap ng rebolusyonaryong katipunerong Pilipino ang imperyalistang US at magiting na nilabanan ang pananakop sa Digmang Pilipino-Amerikano. Nagpatuloy ito hanggang sa kasunod pang mga dekada at naganap ang mga pambansa-demokratikong pakikibaka ng mamamayan kagaya ng mga manggagawang Pilipino sa pangunguna ng Union Obrero Demokratiko na nanawagan ng pagpapabagsak sa imperyalismong US noong 1903; pakikibakang magsasaka at manggagawa para itakwil ang kolonyal na konstitusyon ng 1935; ang ikalawang kilusang propaganda sa pangunguna ng Kabataang Makabayan na nagpalaganap ng diwang patriyotiko at rebolusyonaryo noong dekada 1960-1970; at hanggang sa pagpapatalsik ng base militar ng US noong dekada 1990.

Mula 1968 hanggang sa kasalukuyan, nasa taliba ng paglaban sa imperyalismong US ang PKP-BHB-NDFP. Nangungunang programa sa isinusulong nitong demokratikong rebolusyong bayan (DRB) ang pagpapabagsak sa imperyalismong US upang makamit ng bayan ang tunay na kalayaan at maitatag ang tunay na demokratikong gubyerno ng bayan. Ipinatutupad nito ang tunay na reporma sa lupa at isinusulong ang pambansang industriyalisasyon. Ipinalalaganap ng rebolusyonaryong pwersa at mamamayan ang pambansa, siyentipiko at maka-masang kultura upang labanan at biguin ang namamayaning imperyalistang kultura. Itinataguyod din ang isang nagsasariling patakarang panlabas sa diwa ng proletaryong internasyunalismo. Ang puspusang pagmumulat, pag-oorganisa at pagpapakilos sa bayan sa pambansa-demokratikong aspirasyon tungong sosyalismo ang nagluluwal ng kultura ng pag-aaklas laban sa imperyalismo.

Malaking hamon sa kasalukuyang henerasyon ang pagsusulong ng pambansa demokratikong rebolusyonaryong pakikibaka ng mamamayan para makalaya sa imperyalismo. Gayunman, puhunan at inspirasyon ang mumunting tagumpay ng bayan sa ekonomya, pulitika, kultura at militar upang paigtingin ang DRB at umigpaw pasulong sa mga kahinaan at pag-atras. Hangga't nanatiling bulok at lumalala ang krisis ng lipunang Pilipino, maitutulak ang sambayanang Pilipino na lumaban sa landas ng pambansa demokratikong rebolusyon. Ibayong magpakatatag at magpursige tungong tagumpay! K

*1 benevolent assimilation - Terminong ginamit ni dating US President William McKinley sa isang talumpati upang bigyang katwiran ang brutal na pananakop sa Pilipinas. Aniya, sa kanyang panaginip, dinalaw siya ng isang anghel at sinabi sa kanyang ipatupad ang polisiyang benevolent assimilation para iligtas ang mga Pilipino sa pagiging barbaro at atrasado.*

TUGON *ni* PATNUBAY DE GUIA

# Bakit dapat ilantad at labanan ang ipinapakalat na *sinophobia*[1] ng rehimeng US-Marcos II?

Tungkulin ng mga rebolusyonaryong pwersa at naliliwanagang mamamayan na ilantad at labanan ang ipinapalaganap ng rehimeng US-Marcos II na *sinophobia* upang biguin ang imbing pakana ng US na iputok ang armadong sigalot sa Asia Pacific. Ang pagkakalat ng disimpormasyon ay katambal ng mga militaristang hakbangin ng US para sa inoorkestra nitong *proxy war* laban sa China.

Layon ng Sinophobia na lasunin ang isip ng mga Pilipino at palabasing "kalaban" ang China habang "kakampi, kaibigan at tagapagtanggol" ang US. Pinakikilos ng US ang mga opisyal ng GRP, lokal na institusyon at burges na masmidya sa pagpapalaganap ng *sinophobia* habang itinatambol ang mga propagandang maka-US. Sistematiko, sopistikado at tuso ang pamamaraan ng US upang unti-unting impluwensyahan ang pananaw ng mga Pilipino hinggil sa mga Chinese.

Ang kampanyang disimpormasyon ay bahagi ng "aktibong kombat" o pagsasagawa ng sayops ng US laban sa mga karibal nitong Russia at China, at sa iba pang target na bansa kahit walang "aktibong armadong sigalot". Alinsunod dito, pinaigting ng CIA ang paggamit sa *social media* at bumuo ng *troll armies* para likhain ang pampublikong opinyon laban sa China laluna sa rehiyong Asia Pacific. Kasabay nito ang akusasyon ng US sa mga kumpanyang Chinese na Huawei at Tiktok ng paniniktik at sarbeylans. Sa katunayan, nagsilbi ito sa *trade war* na inilunsad ni Trump laban sa China.

Naging espesyal na target ng pagpapalaganap ng *sinophobia* ang Pilipinas mula nang isagawa ng US ang Asia Pivot noong 2001 upang tutukan ang pagkontra sa karibal nitong China laluna nang mahalal na pangulo si Rodrigo Duterte na tahasang nagpahayag ng pagkiling sa China. Ginamit ng US ang pandemyang COVID-19 na nagsimula sa Wuhan, China bilang tuntungan ng kampanya. Isiniwalat ng Reuters na bago pa man pumutok ang pandemya, inutusan na ng gubyernong US si Defense Minister Mark Esper na ilunsad ang lihim na kampanyang ito. Isa ito sa adyenda ni Esper sa pulong kay DND Secretary Delfin Lorenzana at sa mga opisyal sa depensa ng rehimeng Duterte noong Nobyembre 2019.

Sa kumpas ng US, pinalutang ang mga anomalya at kriminalidad sa mga operasyon ng POGO na galing China at pinatampok ang presensya ng mga Chinese *vessels* sa West Philippine Sea (WPS) upang paypayan ang tensyon sa rehiyon. Sa pagpasok ng gubyernong Marcos Jr., pinasidhi ng US ang kampanyang disimpormasyon laban sa China. Garapalan ang pang-aatake sa sinuman at anumang may koneksyon sa China. Halimbawa nito ang orkestradong pang-uusig kay Mayor Alice Guo ng Bamban, Tarlac para segundahan ang mga haka-haka tungkol sa mga espiyang Chinese, impiltrasyon at mga sikretong grupo ng mga sundalong Chinese. Pinatigil ang lahat ng mga pampublikong proyekto na naka-kontrata sa mga kumpanyang Chinese dahil "maanomalya" ang proseso ng pagkakasara sa mga kontrata.

Alas ng imperyalismong US ang isyu sa WPS para siraan ang China sa mata ng publiko. Katuwang ang AFP-PCG at ang dilawang Akbayan sa katauhan ni Riza Hontiveros, ipinakalat ng US ang maling impormasyon na *sovereign territory* ang buong EEZ ng Pilipinas para itulak ang kaisipan na isang hidwaang panteritoryo ang usapin. Para pagsilbihin kapwa sa pang-uudyok sa China at panlalason sa isip ng mamamayan, pinangunahan ni Marcos Jr. ang pagpapalaganap sa "planong paglusob" ng China upang bigyang-katwiran ang direktang panghihimasok ng US sa usaping pampulitika at pangmilitar ng Pilipinas. Walang-tigil na kinakanti ng rehimeng US-Marcos II ang China sa pamamagitan ng pagpipilit ng AFP na magdala ng mga kagamitang pangkonstruksyon sa BRP Sierra Madre sa tabing ng mga "*supply mission*". Resulta ng mga ito, higit na nagiging agresibo ang pakikitungo ng China sa Pilipinas—na magiging panibagong bala ng US para sa kampanyang disimpormasyon nito.

Sinasagkaan ng mga pakana ng US ang anumang mapayapang pakikipagnegosasyon sa China na siyang mas matalino at mapayapang resolusyon sa tunggalian sa WPS. Kung babalikan ang hatol ng IAT at paglilinaw ng UNCLOS, walang batayan ang 9-*dash line* ng China na ginagamit sa pag-angkin nito sa karagatang saklaw ng EEZ ng Pilipinas. Inilinaw rin sa ilalim ng UNCLOS na isang hidwaang pandagat at hindi hidwaang panteritoryo ang usapin sa WPS dahil pumapatungkol ito sa tunggalian sa pagitan ng magkakapatong na *maritime zones* tulad ng teritoryong pandagat, EEZ at *continental shelf* (CS). Sa ganitong punto, dapat at maaari sanang lutasin sa mapayapaang paraan at diplomasya ang sigalot ng Pilipinas at China lalo't kabilang ang huli sa mga lumagda sa UNCLOS.

Habang binabahiran ang China, nagbubuhat naman ng bangko ang US bilang "nakatatandang kapatid" para paniwalain ang mga Pilipino na tutulong ito sakaling manganib ang bansa. Kasabwat nito ang mga loro tulad ni PCG Commodore Jay Tarriela, tagapagsalita ng National Task Force - West Philippine Sea, na nananawagan ng interbensyon ng US sa harap ng pambu-*bully* ng China. Ngunit wala talagang plano ang US na tulungan ang Pilipinas sa harap ng banta ng China. Ang buong sarswela ng sigalot sa WPS ay ginagamit lang ng US na batayan upang paramihin ang mga tropang Amerikano at kagamitang pandigma nito sa Pilipinas bilang paghahanda sa gera laban sa China. Ginagamit din itong batayan upang tiyakin ang di matitinag na paghahari nito sa mala-kolonyal at malapyudal na lipunang Pilipino.




**Gera sa impormasyon**

Malaki ang papel ng mga kampanyang disimpormasyon o gera sa impormasyon sa pagpapanatili ng hegemonya ng US. Sinimulan noong World War II, ginamit ng US ang kampanyang propaganda para palakasin ang suporta rito ng sangkatauhan at mga kaalyadong bansa. Instrumento nito ang masmidya at katulad na mga institusyon para mang-udyok ng panlipunang galit laban sa mga kaaway nito at maipatanggap sa mamamayan ang pagkakaltas sa mga pambansang pondo para sa panlipunang serbisyo kapalit ng pagpapalaki ng gastos para sa produksyon ng mga armas pandigma. Ginagamit nitong sentral na tema ang "patriyotismo o makabayan" para pataasin ang bentahan ng *war bonds* at bawasan ang pagkalat ng mga kwentong laban sa US habang palabasing mataas ang moralidad nito. Nagpapakalat ang US ng mga polyeto sa hanay ng mga kaaway nito para manlinlang at mahimok ang mga ito na sumuko. Sa kasaysayan, aktibong ginamit ng US ang gera sa impormasyon bilang suporta sa gerang agresyon nito sa Vietnam, Korea, Iraq at Kuwait.

Noong 2001, inilunsad ng US ang mas ambisyosong tipo ng *psychological combat* at sinimulan ang pagpapalaganap ng isterya laban sa mamamayan ng kalaban nitong bansa,

lahi o grupo. Ipinalaganap nito ang *islamophobia* o pagbabansag sa mga Muslim bilang terorista upang bigyang-katwiran ang mga ilulunsad nitong gerang agresyon laban sa mamamayan at tinaguriang mga suwail na estado sa Middle East (hindi lang Central Asia). Nagtayo ito ng mga institusyon sa masmidya, nagbayad ng mga prominenteng tao sa lipunan at pinondohan ang mga palabas sa TV at sinehan para likhain ang galit ng sangkatauhan laban sa mga militanteng grupo o mga milisyang suportado ng Iran. Kalaunan, ito rin ang taktikang ginamit ng US laban sa nakikibakang mamamayan ng Afghanistan at Palestine.

Minaksimisa rin ng US ang internet sa pamamagitan ng pagtatayo ng *online news websites* para palaganapin ang mga kwento at balitang aprubado nito tungkol sa kalagayan ng daigdig. Sa kasalukuyan, ang General Dynamics IT ang nakakuha ng $493 milyong kontrata mula sa Pentagon para sa lihim na operasyon ng mga kampanyang propaganda. Ito ang ginamit ng imperyalismong US upang siraan ang mga bakunang galing China noong kasagsagan ng pandemya.

Bukod sa mga karibal, aktibo ring ginagamit ng imperyalismong US ang kampanyang disimpormasyon laban sa mga mamamayang nakikibaka laluna sa mga bansang pinamumunuan ng mga partido komunista. Idineklara ng US na terorista ang mga partido komunista at mga sumusuporta rito at nagpakalat ng mga maling impormasyon para baluktutin ang sagradong soberanong karapatan ng mamamayan na maglunsad ng armadong paglaban sa pasista, pahirap at papet na naghaharing estado at ilayo sa makauring pakikibaka ang masang anakpawis. Dito sa bansa, walang-pagkasaid ang pondong ginagamit ng rehimeng US-Marcos II at NTF-ELCAC sa pagpapalaganap ng mga kasinungalingan laban sa CPP-NPA-NDFP gaya ng pagrerekluta umano ng mga *child warrior* at pagre-*recycle* sa mga naging pagkakamali ng rebolusyonaryong kilusan noong panahon ng disoryentasyon. Hibang na sinisikap din nitong papanghinain ang rebolusyonaryong kilusan sa pamamagitan ng pag-aalok ng pekeng kalayaan at ECLIP.

Malinaw na ang gera sa impormasyon ng US ay bahagi ng saywar na katambal ng gerang agresyon nito sa daigdig. Dapat maging mapagbantay ang mga mamamayan sa pagtanggap at pagproseso ng mga impormasyon lalo sa panahon ng internet upang masansala ang bisa ng disimpormasyon. Dapat na ilantad ang imperyalismong US bilang promotor sa pagpapakalat ng disimpormasyon sa daigdig at maging masikhay sa paglalabas ng katotohanan hinggil sa mga usaping panlipunan at kalagayan ng mamamayan. Kailangang pasubalian ang ipinapalaganap ng maka-US na oryentasyon ng pagiging "makabayan".

Partikular sa *sinophobia*, dapat aktibong ilantad at labanan ang ginagawang pagsasamantala ng US sa isyu ng WPS para ihanda ang isip ng taumbayan sa posibilidad ng gera sa pagitan ng Pilipinas at China. Dapat kundenahin ang General Dynamics IT, mga "*think tank*" at mga institusyon sa masmidya tulad ng Rappler, ganundin ang mga grupong nagpapanggap na oposisyon tulad ng Akbayan at personaheng tulad ni Risa Hontiveros na aktibong ginagamit sa kampanyang propaganda ng US. Katuwang ang buong sambayanan, ubos-kayang salagin ng mga tunay na makabayang mamamahayag ang mga kasinungalingan at binaluktot

## Ulat ng Reuters: Paninira ng US sa mga bakunang gawang China

Lumabas sa ispesyal na ulat ng Reuters ang paglulunsad ng Pentagon (Departamento sa Depensa ng US) ng isang lihim na kampanyang disimpormasyon sa Pilipinas laban sa bakunang Sinovac noong kasagsagan ng pandemyang COVID-19. Sinimulan ng US ang kampanyang ito gamit ang islogang "China ang *virus*" matapos itong mabigong siraan ang China gamit ang pagtatambol ng katawagang "Wuhan Virus" sa COVID. Nagpalaganap ang US ng iba't ibang kasinungalingan tungkol sa Sinovac para hindi ito tangkilikin sa Pilipinas at paghintayin ang mga Pilipino sa pagdating ng "tunay" na epektibong bakunang gawang-US. Nagresulta ito sa pag-aalinlangan ng mamamayan na magpabakuna na ibayong nagdulot ng paglala sa kaso ng impeksyon at pagkamatay ng milyun-milyong Pilipino dahil sa COVID-19.

Hindi lamang Pilipinas ang tinarget ng kampanyang kontra-Sinovac ng US. Ayon sa Reuters, tinarget din nito ang mga bansang Muslim sa gitnang Asya at ipinakalat na "haram (bawal)" ang Sinovac dahil may sangkap itong pork gelatin. Naglabasan sa mga istasyon ng TV, radyo at social media ang kabi-kabilang masasamang kwento tungkol sa mga bakunang gawa sa China.




Bumuwelta sa mga imperyalistang bansa ang pakana ng US. Dahil sa bagal ng pagbabakuna, kumalat ang bayrus, lumawig ang pandemya at halos mapatigil ang produksyon. Humantong ito sa pagbagsak ng ekonomya ng mga kapitalistang bansa. Dahil dito, naitulak ang gubyernong US na ipatigil ang sarili nitong kampanya noong 2021.

na kwento ng mga imperyalista na inilalabas ng burges na midya at iba pang reaksyunaryong institusyon. Kailangang tapatan ang disimpormasyon ng puspusan at malawakang kampanyang propaganda-edukasyon na nagtatalakay sa pambansa-demokratikong pagsusuri sa lipunan at maging sa sigalot sa WPS.

Kailangang matiyagang ilinaw sa masang Pilipino na ang mga probokasyon ng militaristang AFP-PCG ay nagpapaigting sa armadong tensyon sa WPS para bigyang-katwiran ang walang-sagkang paglalagak ng rehimeng US-Marcos II ng bilyun-bilyong pondo ng bayan sa gerang hindi naman magsisilbi sa interes ng mamamayang Pilipino. Dapat ding aktibong ilantad ang mga oportunista tulad ng Akbayan at si Riza Hontiveros na tusong ginagamit ang mga usaping pambansa para pagsilbihin sa kanilang makasariling pampulitikang interes at umamot ng mga pribilehiyo mula sa imperyalismong US.

Hindi nangangahulugan ng pagkampi sa imperyalistang China ang pakikibaka laban sa *sinophobia* at kampanyang disimpormasyon ng US. Tinutuligsa ng pambansa demokratikong kilusan ang gubyernong China sa mga pakana nitong dambungin ang Pilipinas at manghimasok sa larangan ng ekonomya, pulitika at militar. Kaya, habang puspusang nakikibaka laban sa disimpormasyon, dapat ipagpatuloy ng mamamayang Pilipino ang paggigiit sa mga soberanong karapatan at ang paglalansag sa pasilidad militar ng China sa WPS. Dapat ding igiit sa China na kilalanin ang hatol ng IAT at ipagtanggol ang karapatang makapangisda ang mga Pilipino sa Scarborough Shoal. Dapat ding singilin ang China ng danyos sa mga itinayo nitong pasilidad militar sa saklaw ng WPS at para sa mga Pilipinong mangingisda na nasalanta ang kabuhayan dahil sa mga pagbabawal at panghaharas ng mga Chinese Coast Guard at milisya. Dapat ipaunawa sa publiko na nakatuon ang paniningil sa gubyernong China, at hindi sa aping mamamayang Chinese na biktima rin ng imperyalismo at lokal na naghaharing-uri sa kanilang bansa.

Ang pakikibaka ng mamamayan para sa pambansang soberanya at integridad ay nangangahulugan ng pakikibaka laban sa pangingibabaw ng imperyalismo, pangunahin ng imperyalismong US sa bansa. Sa pamamagitan lamang ng paglulunsad ng anti-imperyalistang paglaban maipagtatagumpay ng Pilipinas ang pagkakamit ng karapatang magpasya-sa-sarili bilang isang tunay na malayang bansa. Ang demokratikong rebolusyong bayan (DRB) na mahigit limang dekada nang inilulunsad sa pamumuno ng PKP-BHB-NDFP ang hahawan ng landas sa pagkakamit nito. Kasabay ng pagpapalaya sa bansa mula sa imperyalismong US, bubunutin ng DRB ang kaakibat nitong salot na pyudalismo at burukrata kapitalismo.

---

*1 Sinophobia - isterya, duda, takot o galit sa China, mamamayang Chinese at kulturang Chinese.*

*BANTAY KARAPATAN*

# Pasistang pang-aatake sa nakikibakang mamamayan, nagpapatuloy sa TK

Walang humpay ang pasismo ng reaksyunaryong estado at mga naghaharing uri sa mamamayang lumalaban para sa kanilang demokratikong karapatan sa Timog Katagalugan. Naganap ngayong Agosto ang samutsaring mukha nito sa panlalansi at pananakot, karahasan at kawalang hustisya laban sa mga manggagawa, lider-kabataan, organisador ng magsasaka, at iba pang nakikibakang uri at sektor.

**Panlalansi at panggigipit sa mga manggagawa**

Nilalansi at ginigipit ng maneydsment ng Nexperia Philippines Inc. ang mga manggagawa na magwewelga. Ayon sa Nexperia Philippines Inc. Workers' Union-National Federation of Labor Unions-Kilusang Mayo Uno (NPIWU-NAFLU-KMU), sinasabotahe ng kumpanya ang welga ng manggagawa sa pangangako ng suhol na "*double pay*" sa mga manggagawang papasok sa trabaho at hindi lalahok sa welga. Ituturing din umano ang mga manggagawang magwewelga bilang AWOL, dahilan upang di sila mabigyan ng benepisyo at matanggal sa trabaho.

Paglilinaw ng NPIWU-NAFLU-KMU, "ang bawal ay ang ginagawa ng *management* na *harassment* at *intimidation*. Dagdag pa, ang pagpapapasok nila sa panahon ng welga at pagbabayad ng doble ay panibagong paglabag sa Strike Breaker Law." Hinamon din ng unyon ang mga manggagawa na maging mapagbantay, mapagmatyag at *proactive* sa pag-uulat sa mga upisyales ng unyon ng panloloko ng kapitalista.

**Intimidasyon at *harassment* sa lider-estudyante**

Pinuntahan ng mga ahente ng NTF-ELCAC ang pamilya ni Paolo Tarra, isang lider-estudyante, sa Trece Martires City, Cavite noong Agosto 4 at pinagbantaan na sasampahan ng kaso si Paolo. Simula pa Pebrero 2024, nasa surbeylans na si Paolo ng pasistang estado.

Ayon kay Paolo, pinagbantaan ng mga pasistang ahente ang pamilya niya na kakasuhan siya kung hindi "makikipagtulungan". Dagdag niya, "hindi lamang nila ako pinagbantaan ng aksyong ligal, ipinahiwatig rin nila na maaaring umabot sila sa mga iligal na paraan, kasama na ang pagdukot sa akin, para makuha ang gusto nila."

**Iligal na pag-aresto at tortyur sa organisador ng magsasaka**

Inaresto at isinailalim sa *mental* at *psychological torture* si Fatima Banjawan, 19, at kasapi ng Gabriela Southern Tagalog, habang siya ay nagsasagawa ng imbestigasyon ukol sa kalagayan ng mga magsasaka sa Barangay Bulala, Sta. Elena, Camarines Norte, noong Agosto 2.

Magkahalong pwersa ng 85th IBPA at Municipal TF-ELCAC ang iligal na nang-aresto at nagdetine kay Fatima nang tatlong araw. Dinanas niya ang iligal na interogasyon habang nakapiring, pilit na pagpapaaming siya ay miyembro ng NPA at pagkakait na makausap ang kanyang pamilya at abugado bago siya dinala sa Sta. Elena Municipal Police Station noong Agosto 5 at sinampahan ng mga gawa-gawang kaso.

**Kawalang-hustisya para sa mga bilanggong pulitikal**

Hinatulang maysala ng reaksyunaryong korte na maysala sa gawa-gawang kaso ang mga bilanggong pulitikal na sina Hilario de Roxas, Mary Joyce Lizada at Arnulfo Aumentado. Habambuhay na pagkakakulong ang ipinataw kay de Roxas, isang organisador ng mga magsasaka sa Quezon na dinakip noong 2020 habang pitong taon naman ang sentensya kina Mary Joyce Lizada at Arnulfo Aumentado o Mansalay 2 na hinuli noong Abril 2023. Patuloy naman ang mabagal na proseso ng paglilitis sa mga gawa-gawang kaso ng "Palawan 6" at ni Sonny Rogelio, dahilan ng pagtagal nila sa piitan.

**Blokeyo sa pagkain**

Ilang linggo nang hinaharangan ng 80th IBPA at 70th IBPA ang pagkain sa mga Sityo ng Bituan, Lucban, Malining at Landing ng Barangay Umiray, General Nakar, Quezon. Hinarang ng mga sundalo ang mga sako ng bigas at iba pang pagkain para sa mga tindahan sa mga walang katuturang katwiran na para raw ito sa Bagong Hukbong Bayan.

Kinokontrol din ng mga sundalo ang pagbili ng mga residente ng bigas sa labas. Sapilitang pinatatala ang binibiling bigas at nalilimita sa dalawang salop (higit apat na kilo) kada pamilya para sa isang linggong konsumo. Iniimbestigahan din ang sinumang bumibili nang lagpas dito.

Inireklamo ng mga residente na kulang na kulang ang apat na kilo kada linggo para sa maghapong trabaho at mga pinapakaing anak. Hindi rin makautang sa kapitbahay dahil pareho ang kalagayan. Sarado na rin ang mga tindahan dahil hinaharang ang mga paninda.

Serye na ang panghaharang ng AFP sa pagkain sa Brgy. Umiray na naganap noong Abril-Mayo 2021, Abril 2022 at Marso-Abril 2024. K

# 10 progresibong lider-masa, tatakbo sa Senado sa 2025

Sa magkakasunod na mga araw nitong Agosto, inanunsyo ng Makabayan Bloc ang 10 progresibong lider na bubuo sa kanilang *senatorial slate* para sa 2025 *midterm elections*.

Binubuo ito nina ACT Teachers Rep. France Castro, Gabriela Women's Party Rep. Arlene Brosas, dating Gabriela Women's Party Rep. Liza Maza, dating Bayan Muna Rep. Teddy Casiño, Jerome Adonis na Secretary General ng Kilusang Mayo Uno, Danilo Ramos na tagapagsalita ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas, Ronnel Arambulo na pangalawang tagapangulo ng Pamalakaya, Jocelyn Andamo ng Filipino Nurses United, Mody Floranda na tagapangulo ng PISTON at Mimi Doringo na Secretary General ng KADAMAY.

Dadalhin ng 10 lider-masa ang mga isyu ng bayan kabilang ang tunay na reporma sa lupa, pambansang industriyalisasyon, taas-sahod, pabahay, trabaho, serbisyong panlipunan at karapatan ng mga bata at kababaihan. Ayon kay Renato Reyes Jr. ng Bagong Alyansang Makabayan at *campaign manager* ng mga kandidato, "Huwag maliitin ang kakayanan ng mga mahihirap na tulungan ang isa't isa, suportahan ang isa't isa, at mag-ambag para iangat ang kinabukasan ng bawat isa." K

# Ramon Ang at ang gubyernong Marcos II, papanagutin sa *oil spill*

Nanawagan ang mamamayan na agarang tugunan ng reaksyunaryong gubyerno ang nagpapatuloy na sakunang dulot ng *oil spill*. Ito ay matapos ang panibagong kaso ng pagtagas ng langis mula sa lumubog na MT Terranova malapit sa baybay ng Limay, Bataan noong Hulyo 25; MKTR Jason Bradley noong Hulyo 27 at MV Virola 1 noong Hulyo 31 sa Mariveles Bataan sa kasagsagan ng bagyong Carina.

Tinatayang may karga ang MT Terranova na 1.4 milyong litro ng langis, MKTR Jason Bradley na may 5,500 litro ng *diesel fuel* at MV Virola 1 na may di mabilang na dami ng *black oil*. Kumalat na ang langis sa Manila Bay at umabot na sa mga baybay ng Cavite at Bulacan. Dahil dito, hindi makapanghuli ang libong mangingisda. Ipinailalim na sa *state of calamity* ang mga bayan ng Kawit, Noveleta, Rosario, Tanza, Naic, Maragondon, Ternate, Cavite City at Bacoor City sa Cavite. Sa pahayag ng Bureau of Fisheries and Aquatic Resources (BFAR), maaaring makapinsala ito sa kabuhayan ng 19,000 mangingisda sa Cavite at Bulacan at magresulta sa pagkawala ng ₱152 milyong halaga ng kita kada buwan ng mga mamamalakaya. Malaki rin umano ang epekto nito sa suplay ng pagkain. Bumaba ang presyo ng isda mula P120/kilo tungong P50/kilo dahil sa takot ng mga konsyumer sa kontaminadong

isda. May 352,179 residente sa mga barangay sa baybayin ng Cavite na tiyak apektado ng *oil spill*.

Ayon kay Ronnel Arambulo ng Pamalakaya, "Dumanas ng sunud-sunod na sakuna ang mga mangingisda at residente sa paligid ng Manila Bay kabilang na ang bagyong Carina at Habagat, na sinundan kagyat ng *oil spill* pero hindi nakapagbigay ang administrasyong Marcos ng epektibong tugon sa mga mangingisdang apektado ng kalamidad."

Pangalawang malakihang kaso na ito ng *oil spill* sa panahon ng rehimeng Marcos Jr. Noong Pebrero 2023, tumama rin sa Mindoro ang malawakang *oil spill* dulot ng lumubog na MT Princess Empress sa bayan ng Pola. Umabot sa ₱41.2 bilyon ang naging pinsala nito sa kalikasan at kabuhayan na hanggang ngayon ay iniinda pa rin ng mga mangingisda dito. Taliwas ito sa sinabi ng rehimeng Marcos Jr. na kaya nitong lutasin ang nasabing sakuna sa loob ng apat na buwan. Tumanggi rin ang San Miguel Corporation, maski na ang International Oil Pollution Compensation Funds (IOPCF), na magbayad ng danyos sa mga napinsala.

Ang lumubog na MT Terranova at MT Princess Empress ay mga barkong kinontrata ng San Miguel Corporation na pagmamay-ari ni Ramon Ang.

Pahayag din ni Patnubay de Guia, tagapagsalita ng National Democratic Front - Southern Tagalog, "Nararapat lamang na tanggalan ng prangkisa at isakdal si Ramon Ang at ang San Miguel Shipping & Lighterage Corp. dahil sa napakalaking pinsalang idinulot nito sa buhay at kabuhayan ng mamamayan mula pa noong Naujan *oil spill*! Malupit ang batas ng gubyerno sa maliliit na mamamalakaya habang nakayukod sa malalaking burgesya komprador at mga dayuhang kapitalista na sumisira sa mga karagatan!"

*KILOS PROTESTA*



## Libu-libong manggagawa at magsasaka, nagprotesta

Nagprotesta ang libu-libong mga manggagawa at magsasaka sa Laguna at Batangas nitong Hulyo at Agosto para labanan ang pasismo at igiit ang ipinagkakait na ayuda.

Nagsama-sama ang mga unyon ng manggagawa sa Laguna noong Agosto 13 sa isang protestang karaban na nagsimula sa Laguna International Industrial Park sa Biñan hanggang makarating sa opisina ng National Conciliation and Mediation Board (NCMB) Region 4A sa Calamba. Ayon kay Mia Antonio, tagapagsalita ng Pagkakaisa ng Manggagawa sa Timog Katagalugan (PAMANTIK-KMU), "kinakaharap pa rin ng nga mangagagawa ang panunupil, iligal na tanggalan at iba pang anyo ng pagsasamantala."

Kasama sa pagkilos ang Liga ng Manggagawa sa Kareila Management Corp. Ang Kareila Management Corp. ay kumpanya sa *warehousing* na nagseserbisyo sa mga *supermarket* kabilang ang S&R. Anila, iligal na tinanggal sa trabaho ang 224 manggagawa nito noong Hulyo 24. Pinagbantaan sila ng kumpanya na hindi nila matatanggap ang kanilang *separation pay* at *recommendation letter* kung hindi nila pipirmahan ang mga *resignation papers* hanggang Hulyo 31.

Sumama rin sa karaban ang Unyon ng mga Panadero sa Philfoods Fresh Baked Products Inc. (UPPFBPI-OLALIA-KMU) at inilantad ang patuloy na *harassment* sa kanila ng mga ahente ng National Task Force to End Local Communist Armed Conflict (NTF-ELCAC) para umalis sa unyon. Bukod dito, ilang opisyal at miyembro rin ng unyon ang ikinulong at sinampahan ng gawa-gawang kaso. Noong Hulyo 26, naipanalo nila ang Collective Bargaining Agreement at kinilala sila bilang unyon matapos ang mahigit isang taong pakikibaka.

Napipinto namang magsagawa ng *strike* ang mga manggagawa sa Nexperia Philippines Inc. Workers Union (NPIWU-NAFLU-KMU) matapos ang malawakang tanggalan sa kanila nitong maagang bahagi ng taon.

"Hindi namin isusuko ang aming pakikibaka para sa disenteng kalagayan sa paggawa, nakabubuhay na sahod, at karapatang tao. Paulit-ulit naming napatunayan na nagmumula ang tagumpay sa sama-samang pakikibaka," ani Antonio.

Samantala, 3,000 magsasaka na apektado ng pagsasara ng Central Azucarera de Don Pedro Inc. (CADPI) ang nagtungo sa harap ng opisina ng Social Welfare and Development ng Department of Social Welfare and Development (DSWD) sa Batangas City noong Hulyo 10 upang igiit na ibigay na sa kanila ang isang taon nang binibinbing ayuda. Iginiit din nilang idagdag sa mga benepisyaryo ang mga magtutubó na nawalan din ng kabuhayan dahil sa pagsasara ng CADPI. Pinangunahan ito ng Sugarfolks Unity for Genuine Agricultural Reform (SUGAR)-Batangas.

Naobliga ang DSWD na ipamahagi ang ₱10,000 ayuda para sa 2,810 benipisyaryo noong Agosto 1. Tinanggap rin ng DSWD at nangako itong ipo-proseso na ang mga papeles para sa natitira pang 7,000 magtutubó.

Nobyembre 15, 2023

Ksshk kshhk Mars, mars!

(static ho ng radyo yang ksshk ksshk)

Mapagpalayang araw, ‘Nay! Kumusta na ho? Pasensya na at ngayon lang ako nakasulat, may mga di kaaya-ayang nangyari lang ng mga nakaraang buwan pero ayos lang naman ho ako/kami! Naku, miss na miss ko na kayo at lahat ng masa natin diyan sa Lupang Hinirang. Mag-iisang taon na rin mula noong huli akong nakatapak diyan. Hindi ko na naabutan ang pandulong christmas party. Alam niyo naman, gustuhin ko man eh may sumulpot na mas mahalagang trabaho. Nagkataon pang wala ako nung nabunot ako para sa ispagetihin. HAHAHA!

Nay, nabalitaan ko tumakbo ka pala ulit bilang konsehal, sayang naman at hindi pinalad. Ayos lang ‘yan! Yae niyo’t ika, may isang libo’t isang pamamaraan upang pagsilbihan ang sambayanan! Isa pa, hindi naman ang parlamentaryong pakikibaka ang magbibigay sa ating lipunan ng ultimong paglaya mula sa galamay ng imperyalista’t lokal na naghaharing uri. Gayunpaman, sayang pa rin dahil isa sanang daan ‘yan para mamaksimisa ang pakikibaka diyan sa kalunsuran.

Nay, Tay, alam niyo ba, hindi na ako naninigarilyo! Oho, kalahating taon na. Paminsan-minsang natatakam lalo kapag malamig ang panahon at may kape, tapos makikita mo ang ibang kasamang nagyoyosi, aba’y kainaman talaga! Pero nalalabanan ko naman ho ang tukso. Hindi na rin ako umiinom ng softdrinks (hindi lang dahil bihirang bihira ‘yun dito). Pakibalitaan na lang po si Aphrodite & kids. Nagyayabang kamo ako, haha! Laking tulong ho kanyo ng jacket na ibinigay ng Batang Aphrodite, gamit ko pa rin hanggang ngayon, panggabi nga lang kasi pula.

Nabalitaan ko rin ho ang pagpanaw ni Tatay A. Nakakabigla naman, parang kailan lang eh kumakain pa tayo ng de lata pagkatapos ng pulong ng pamunuan. May pagkakataon pang tinawanan niya ako kasi binalatan ko ang balinghoy na parang patatas. Hay petiburges problems! Sana ho ay maayos ang lagay ng samahan lalo na ang sangay. Naluluha ako sa tuwing naaalala ko kayo at ang bawat masa natin diyan na buong galak na nagtataguyod sa akin sa panahon ng pakikipamuhay ko riyan. Kasabay nun dito ko na rin ho napagtanto na ang dami ko palang kakulangan sa usapin ng integrasyon sa masa noong nandiyan pa ako.

Palagi kitang naalala, ‘Nay. Lalo kapag may masa kami na kaedaran ninyo, aba mayroon pa nga kayong kamukha. Humagulgol noong umerya kami sa kanila. Matagal na raw silang hindi nababalikan ng mga kasama kaya sabik na sabik. Naisip ko lang, sana maabutan pa nating pareho ang panahong maaabot na ng Hukbo ang Lupang Hinirang.

‘Nay, naaalala ko pa ang mga panahong sinisigaw niyo ang pangalan ko sabay sabing “Ano nang gagawin ko?” lalung lalo sa panahong napakaraming internal na usapin ng lokalidad. Sana ho ay kumapit lang kayo dahil malaki ang tiwala ng Partido sa kakayahan ninyong mamuno. Ninyong mag-asawa. Sadya nga lang puno ng hirap at sakripisyo ang ating pakikibaka pero ang tiyak, darating ang tagumpay!

Sana ho ay nasa maayos kayong kalagayan lalo na sa kalusugan, moral at seguridad. Dito, walang patlang ang atake ng kaaway! Pero syempre, kailangan ay two steps ahead tayo, aktibo sa pagdepensa! At anumang lakas ng kagamitan ng kaaway, walang katumbas ‘yan sa tinatamasa nating suporta ng masa laluna ng masang magsasaka. Bulag at bingi ang kaaway hangga’t napanghahawakan natin ang disiplina at gulang sa pakikidigma at ang mahigpit na pag-ugat sa masa. Lagi rin ho kayong mag-iingat dyan ha. At syempre, ‘wag kalimutan ang gulang sa pagharap sa reaksyunaryong gubyerno.

Sa isang bahagi, nalulungkot ako tuwing naiisip kong malamang sa malamang ay hindi na tayo kailanman magkikita-kita. Sa positibong banda, tiyak naman ako na nasa iisang rebolusyon pa rin tayo, nasa iisang pakikibaka para sa paglaya ng sambayanan.

Sa totoo lang ho, isa kayo sa nagtulak sa akin na buong panahong tahakin ang pinakamataas na antas ng pakikibaka. Ang nasaksihan kong tatag, tapang, at determinasyon sa inyong pakikibaka sa gitna ng gabundok na mga hamon, hirap, at sakripisyong hinarap at patuloy niyong hinaharap ay isa sa mga salik sa pagpapasya kong ialay ang sarili ko sa pagrerebolusyon. Kung si Nanay, na matanda na, survivor ng kanser, marami nang iniinda, eh tuloy pa rin sa ganang kayang paggampan sa mga rebolusyonaryong gawain, paano pa ako na kabataan, malakas at malusog pa ang pangangatawan at isip?

Para sa mga kasama sa SPL, huwag kayong panghinaan ng loob! Buong sigasig nating aralin ang Marxismo-Leninismo-Maoismo, paghusayin ang ating praktika at puspusang isulong ang mga gawain, tiyak ang ating tagumpay!

Para sa sambayanan,



PUGS* (na hindi man ninyo anak sa dugo, ay itinuturing ko ho kayong isa sa libu-libo kong ina at ang aking sarili bilang isa sa libu-libo niyo ring anak sa pakikibaka).

Mahal ko ho kayong lahat diyan! K

*Si Pugs ay si Royce Jethro “Ka Alex/Sierra” Magtira, rebolusyonaryong kabataan at manggagawang pangkultura. Namartir siya kasama sina Ka Reb at Ka Francia noong Hunyo 23, 2024 sa magkakasunod na labanan sa pagitan ng BHB Batangas at 59th IBPA sa Brgy. Bolbok, Tuy, Batangas.*